Pagbabakuna sa Covid-19
Alamin ang Iyong Mga Karapatan para sa Mga Miyembro ng Komunidad ng Imigrante

- Available ang bakuna nang walang bayad para sa lahat sa Estados Unidos, anuman ang citizenship status (kahit na wala kang dokumentasyon). Maaaring hilingin kung mayroon kang card ng insurance ngunit hindi ito kinakailangan para makatanggap ng bakuna.

- Hindi kinakailangan ang social security number (numero ng social security) para makakuha ng bakuna. Kung hiningi sa iyo ng provider ang social security number at wala ka nito o hindi ka komportableng ibahagi ito, maaari kang sumagot na wala ka nito o hindi ka komportableng ibahagi ito.

- Maaaring hingin ang iyong pagkakakilanlan para makakuha ka ng bakuna. Kung wala kang state id/driver's license, maaaring hilingin sa iyo na magbigay ng sulat, pahayag, o bill ng utilidad na may kasalukuyang address mo o ng sulat mula sa simbahan, organisasyon, o provider na nakakakilala sa iyo na makakapagpatunay na nakatira o nagtatrabaho ka sa estado ng Washington.

- Binigyang-diin ng Centers for Disease Control and Prevention (Mga Sentro para sa Pagkontrol at Pag-iwas sa Sakit) at ng U.S. Department of Health and Human Services (Departamento ng Mga Serbisyong Pangkalusugan at Pantao ng Estados Unidos) na gagamitin lamang ang personal na data para sa mga layunin ng pampublikong kalusugan. Hindi maaaring gamitin ang personal na data para sa pangkriminal na pag-uusig, kabilang ang pagpapatupad ng batas sa imigrasyon.

- Hindi ituturing sa anumang paraan ang pagkuha ng bakuna bilang pampublikong pasanin (public charge). Hindi magiging hadlang ang paggamit ng bakuna sa anumang oportunidad para makakuha ng residency at/o citizenship status.

- Walang dapat magtanong tungkol sa iyong immigration status para sa pagkuha ng bakuna ngunit kung tinanong ka tungkol sa iyong immigration status anumang oras, may karapatan kang huwag magsalita.
-
- Maaaring makakuha ng bakuna ang sinuman anuman ang kanyang immigration status. Hindi mo kailangang magpakita ng katibayan ng iyong immigration status para makuha ang bakuna.

Espesyal na pasasalamat sa Legal Counsel for Youth and Children (LCYC) at Northwest Health Law Advocates (NoHLA)

Ang documentong ito ay sinuri ng Washington State Department of Health (WA DOH, Departamento ng Kalusugan ng Estado ng Washington)

Washington State Department of Health

WASHINGTON IMMIGRANT SOLIDARITY NETWORK